

Pagbibigay ng Access sa Epektibong Komunikasyon

Gabay para sa mga Hukuman ng Virginia

Kung kailangan mo ng interpreter ng ASL o mga serbisyo CART para sa isang nakaiskedyul na paglilitis sa korte, mangyaring makipag-ugnayan sa klerk ng korte kung saan gaganapin ang paglilitis upang humiling ng mga tulong.

Ang Americans with Disabilities Act

Ang Americans with Disabilities Act (ADA) ay nag-aatas sa mga korte na iwasan ang diskriminasyon laban sa mga taong may kapansanan. Dapat tiyakin ng mga entidad na tinatrato nang pantay ang mga taong may kapansanan sa sistema ng hustisyang kriminal at mayroon silang pantay na pagkakataon na makinabang mula sa ligtas at mga kasamang komunidad.¹

VDDHH at ang Korte Suprema ng Virginia

Ang VDDHH at ang Korte Suprema ng Virginia ay nagtutungan, alinsunod sa Code of Virginia (Criminal Code §19.2-164.1 at Civil Code §8.01-384.1), upang matiyak na ang mga taong bingi o mahina ang pandinig na may kaugnayan sa anumang korte sa Virginia ay may access sa epektibong komunikasyon sa pamamagitan ng mga Interpreter ng Sign Language o mga serbisyo ng CART. Ang buong teksto ng kasalukuyang Memorandum ng Pagkakaunawaan ay matatagpuan sa website ng Korte Suprema. Binabayaran ng Korte Suprema ng Virginia ang mga interpreter na nakaiskedyul sa pamamagitan ng VDDHH para sa mga awtorisadong pangangailangan ng korte.

Paghiling ng Interpreter ng ASL o Mga Serbisyo ng CART

Ang Klerk ng anumang korte ng Commonwealth o sinumang hukom, espesyal na mahistrado, abogadong hinirang ng korte, abogado ng depensa, mahistrado, o iba pang awtorisadong tauhan ay maaaring makipag-ugnayan sa VDDHH upang kumuha ng isang kuwalipikadong interpreter o tagapagbigay ng CART para sa anumang personal na korte o pagtatalaga na may kaugnayan sa korte kung saan kabilang o humihiling ng access ang isang bingi o taong mahina ang pandinig.² Ang mga awtorisadong tauhan ng hukuman ay pupunan ang isang Form ng Kahilingan para sa Interpreter ng Sign Language/CART ng Korte at ipapadala ito sa VDDHH. Mangyaring tingnan ang 'Virginia Court Personnel Resource Card - Mga Tulong para sa mga Bingi at May Mahina ang Pandinig na Kalahok sa Sistemang Panghukuman ng Virginia' para sa karagdagang impormasyon.

Mga Tanong?

Mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa
isp@vddhh.virginia.gov.

Para sa digital na kopya ng dokumentong ito na may mga hyperlink na maaaring i-click, mangyaring gamitin ang QR code o magpunta sa <https://www.vadsa.org/apps/DocumentRepository/Viewer/fileviewer/3437>.



¹"Mga Highlight." *ADA Criminal Justice: Pagitiyak ng Pagkakapantay-pantay sa Sistema ng Hustisyang Kriminal para sa mga Taong may Kapansanan*, <https://www.ada.gov/criminaljustice/>.

²Kagawaran para sa mga Bingi at Mahina ang Pandinig ng Virginia, at Tanggapan ng Kalihim Ehekutibo ng Korte Suprema ng Virginia. "Memorandum ng Pagkakaunawaan." 1 Nob. 2022.

